San Francisco Water Power Sewer
Services of the San Francisco Public Utilities Commission

# APLIKASYON PARA SA PAGSUSURING KAUGNAY NG TINGGA

| | |
|---|---|
| **Petsa** | |
| **Pangalan** | |
| **Kalyeng Adres** (kung saan titipunin ang sampol) | **Apt/Ste #** |
| **Lungsod** | **Zip Code** |
| **Pinakamalapit na Kakrus na Kalye** | |
| **Numero ng Telepono** ( ) | **Ika-2 Numero ng Telepono** ( ) |
| **Email Address** | |
| **Adres sa Pagpapakoreo** (kung iba sa nasa itaas) | |

**Ang mga fee ay dapat bayaran nang maaga**

Ibayad ang mga tseke sa:

**San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC)**

Ang Fee ay $25 kada Tap/Faucet/Sampol

**BILANG NG HINILING NA SAMPOL** ____________

**KABUUANG HALAGANG KALAKIP** $ ____________
( # NG MGA SAMPOL X $25 )

Ipadala ang aplikasyong ito at bayad sa:

**SFPUC Water Quality Division**
**ATTN: Lead Program Coordinator**
**1657 Rollins Road**
**Burlingame, CA 94010**

**Mangyaring sundin ang pamamaraan sa ibaba para sa iyong sampol ng tingga.**

1. Pagkatanggap nitong aplikasyon at bayad, ikaw ay kokontakin ng SFPUC Water Quality Division upang magtakda ng paghahatid ng (mga) bote ng sampol ng tubig.
2. MAHALAGA: **Huwag gamitin ang tubig sa gripo nang 6 na oras o higit bago ang pagkuha ng sampol**. Huwag hayaang nakalagay nang hindi nagagamit ang tubig nang higit sa 12 oras sa (mga) ikinakabit na susuriin.
3. Kapag nagtitipon ng sampol (bago gamitin ang anumang tubig, o i-flush ang toilet) maingat na **PUNUIN** ang bote sa **UNANG PAGKUHA** ng tubig mula sa gripong kinukunan ng sampol. **ILAGAY SA BOTE ANG PETSA, ORAS at LOKASYON** ng gripo kung saan tinipon mo ang sampol.
4. Para sa pick up — iwan ang (mga) bote sa puting bag na plastic sa labas ng pangharap na pinto ng iyong tirahan o sa lokasyon na pinagkasunduan natin/inihatid ito. Dapat kang tumawag sa **(650) 652-3131 (bago ang 9am)** upang kumpirmahain na ang sampol ay handa na para sa pick up.

## Para sa Paggamit ng Opisina Lamang

| Sampol na Lokasyon | LF# | Petsa Tinipon | Mga Resulta | SDG# | Resulta Petsa Ipinadala |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |

Ang mga resulta ay ipapakoreo sa iyo sa loob ng mga 4 na linggo. Kung may mga tanong ka o kailangang baguhin ang iskedyul ng pick up, mangyaring kontakin si: **Susan Soteriou** (Inspektor ng Serbisyong Tubig) **sa (650) 652-3131**/ssoteriou@sfwater.org
O Desk ng Pagtanggap ng WQD sa **(650) 652-3100**

*Revised 3/24/2016*

# PAG-IWAS SA PAGKALASON SA LEAD

## Programa sa Pag-test ng Lead sa Tubig

San Francisco Water Power Sewer
Services of the San Francisco Public Utilities Commission

Water Quality Division, Telephone: (650) 652-3100, Toll Free Telephone: (877) 737-8297

### Ano ang lead at ano-ano ang mga panganib?

Ang lead ay isang toxic na metal na nagdudulot ng masasamang epekto sa katawan ng tao kung makokonsumo ito. Pinakadelikado sa lead ang maliliit na bata dahil mas mabilis na naa-absorb ng kanilang katawan ang lead kumpara sa matatanda, at mas sensitibo sila sa masasamang epekto ng lead sa kalusugan. Ang mga batang magkakaroon ng lead sa kanilang katawan ay puwedeng magkaroon ng mga problema sa pagkatuto o pag-uugali. Puwedeng makasama ang lead sa utak, bato, at iba pang organ ng mga bata. Ang matataas na antas ng lead ay puwede ring magdulot ng malulubhang problemang pangkalusugan sa mga buntis at sanggol.

### Saan nagmumula ang lead?

Ginamit ang lead sa paggawa ng maraming produkto kabilang ang mga pintura, may lead na gasolina, at pati na solder at mga tubo sa plumbing. Bagama't ipinagbabawal na ng batas ang paggamit ng lead sa mga produktong ito, posibleng may lead pa rin sa mga mas lumang bahay.

### Paano nae-expose ang mga bata sa lead?

Kadalasan, nae-expose ang maliliit na bata sa pamamagitan ng pagsubo ng mga alikabok o nabakbak na pinturang may lead. Kabilang sa mga karagdagang source ng lead ang mga imported na candy, mga kontaminadong lupa, mga ceramic na plato at baso na may mga lead glaze, at tubig na nakontamina dahil sa pagdaloy sa mga gripong gawa sa brass o mga tubong may lead solder.

### May lead ba sa tubig ko?

Bagama't hindi maituturing na source ng lead ang inuming tubig sa San Francisco, ang mga pamilyang may mga batang wala pang 6 taong gulang at nakatira sa mga bahay na mas luma ang plumbing ay dapat ikonsidera ang pagpapa-test ng kanilang inuming tubig para sa lead. Sa sistema ng tubig ng Lungsod ng San Francisco, tuloy-tuloy ang pag-aalis ng mga bahagi ng tubo na may lead at inaasahang makukumpleto ito sa 2026.

### Ano ang dapat kong gawin kung luma ang plumbing ng bahay ko?

- Padaluyin ang malamig ninyong tubig sa loob ng kahit man lang 30 segundo bago ito gamitin sa pag-inom o pagluluto. Puwedeng makontamina ng lead mula sa mga brass na gripo o lead solder ang tubig sa mga tubo at gripo kapag hindi pinadaloy ang tubig sa gripo sa loob ng mahigit 6 oras.
- Malamig na tubig lang mula sa gripo ang gamitin sa pag-inom, pagluluto, pagtitimpla ng juice, o pagtitimpla ng baby formula. Kung kailangan ninyo ng mainit na tubig, kumuha ng malamig na tubig mula sa gripo at pagkatapos ay initin ito.
- Maraming filter ng tubig ang hindi nakakapag-alis ng lead. Kung bibili kayo ng filter ng tubig, tiyaking nakasaad dito na nakakapag-alis ito ng lead.

### Ano pa ang puwede kong gawin?

- Inspeksyunin ang inyong bahay para sa mga panganib ng lead. Kasama sa mga panganib ng lead ang nababakbak na pintura at alikabok mula sa pagre-remodel o sirang pintura.
- Huwag hayaang maglaro sa lupa o dumi ang mga bata.
- Hugasan ang mga kamay, mukha, mga laruan, at lahat ng isinusubo ng inyong mga anak. Hugasan ang kanilang mga kamay gamit ang sabon at tubig bago kumain at matulog.
- Hilingin sa inyong doktor na i-test ang inyong mga anak para sa lead.
- Bigyan ng balanseng pagkain ang inyong mga anak. Ang mga pagkaing mayaman sa iron at calcium ay nagbibigay ng proteksyon sa mga katawan ng mga bata laban sa lead.
- Para sa higit pang impormasyon tungkol sa iba pang source ng lead, tawagan ang Children's Environmental Health Promotion (Promosyon ng Kalusugang Pangkapaligiran ng Mga Bata) ng San Francisco Department of Public Health (Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco) sa (415) 252-3800.

### Para Ipa-test ang Inyong Tubig para sa Lead:

Para sa mga pamilyang kuwalipikado para sa Women, Infants, Children (Mga Kababaihan, Sanggol, Bata, WIC): humingi ng voucher para sa libreng test ng lead sa tubig sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin sa "Order Lead Testing" (Mag-order ng Pag-test ng Lead) sa sfpuc.gov/lead o tawagan ang Water Quality Division (Dibisyon sa Kalidad ng Tubig, WQD) ng SFPUC sa (650) 652-3100, Lunes hanggang Biyernes mula 8am hanggang 5pm.

Para sa libreng test ng lead sa tubig, kuwalipikado dapat kayo sa WIC at nabigyan dapat kayo ng nasagutang voucher mula sa opisina ng WIC sa San Francisco. Para sa mga pamilyang hindi kuwalipikado para sa mga benepisyo ng WIC, puwede silang magpa-test ng lead sa tubig sa halagang $25.00 sa pamamagitan ng pagtawag sa (650) 652-3100.